
# Alamin ang mga lugar na may peligro sa

# BAHA





'Flashflood exit point' o paanan ng sanga-sangang ilog at sapa mula sa bundok




'Alluvial plain' o lilkas na mabababang lugar




Daanan ng ilog at sapa na umaapaw tuwing may malakas na pag-ulan






'Coast' o baybay-dagat at pampang




'Riverbank' o tumana

Nakalarawan dito ang iba't-ibang mga lugar na maaaring daanan at tamaan ng baha.




'Delta' o wawa at bunganga ng ilog




'Floodplain' o gilid ng malaking ilog




'Swamp' o latian

Kung ang inyong komunidad ay nabibilang sa ganitong kalagayan, mabuting ALAMIN ANG INDIKASYON AT PALATANDAAN ng napipintong pagbaha sa inyong lugar. Kinakailangan ang karampatang PAGHAHANDA.

Makipag-ugnayan sa mga kinauukulan at magtanong ukol sa GEOHAZARD MAPS.

Sa mga katanungan at impormasyon, makipag-ugnayan sa:

Department of Environment and Natural Resources
MINES AND GEOSCIENCES BUREAU
North Avenue, Diliman, Quezon City
Tel: (02) 920-9120 928-8642 928-8819
Fax: 920-1635
http: www.mgb.gov.ph
email: central@mgb.gov.ph

December 2006
Reprinted on November 2008

**MGB Regional Offices**

**MGB - CAR**
Diego Silang St., Baguio City
Tel: (074) 442-6392 Fax: (074) 443-4277

**MGB - Region 1**
Lee Bldg., (La Tondeña) Lingsat, San Fernando, La Union
Telefax: (072) 343-3777 or 242-2777

**MGB - Region 2**
Nursery Compound, Tuguegarao, Cagayan
Telefax: (078) 846-7347

**MGB-Region 3**
Cleofers Bldg., Gen. Hizon St., San Fernando, Pampanga
Tel: (045) 961-3523 Fax: (045) 961-2799

**MGB - Region 4 (A and B)**
1515 L&S Bldg., Roxas Blvd, Manila
Tel: (02) 536-0214 Fax: (02) 536-0215

**MGB - Region 5**
Lucila Bldg., National Highway cor. Lakandula Drive, Bañag, Daraga, Albay
Telefax: (052) 824-2014

**MGB - Region 6**
2nd Level, Queen City Garden Mall, J. de Leon St., Iloilo City
Tel: (033) 336-2815

**MGB- Region 7**
Greenplains Subd., Banilad, Mandaue City
Telefax: (032) 346-9176

**MGB - Region 8**
Lopez Jaena St., Nipa Hut Compund, Tacloban City
Tel: (053) 321-5513

**MGB - Region 9**
4th Flr., LHB Bldg., Veterans Ave., Tetuan, Zamboanga City
Tel: (062) 992-2194

**MGB - Region 10**
Macabalan, Cagayan de Oro
Tel: (088) 756-2110 Fax: (088) 231-4061

**MGB - Region 11**
669 Konsuela Bldg., Jacinto St., Davao City
Tel: (082) 221-6535

**MGB - Region 12**
Luche Bldg., Gensan Drive cor. Zulueta St., Koronadal, South Cotabato
Tel: (083) 228-6130 to 31

**MGB - Region 13**
Km. 2, Surigao City
Tel: (086) 826-1058 or 826-5256

# Ano ang BAHA?



Ang pagbaha sa Carmen, Pangasinan matapos ang bagyong Pepeng noong Oktubre 2009. Malawak at malaki ang naging pinsala ng pagbaha sa kabuuang probinsya ng Pangasinan.

**Ang flooding o baha ay ang pag-apaw ng sobra-sobrang tubig sa natural nitong daluyan (tulad ng sapa, ilog at dagat). Nilulubog ng tubig baha ang nakapalibot na mga lupa dahilan upang makaapekto sa tao, kabuhayan at mga ari-arian.**


Kadalasan na nakakaranas ng '**sheet flooding**' ang mga lugar na mabababa at patag kapag tag-ulan tulad ng Metro Manila, Bulacan, Nueva Ecija at Pampanga. Ito ay maaaring tumagal ng maraming araw.







*(Kaliwa) Pangkaraniwan na ang ganitong pagbaha sa lansangan at mga kabahayan sa Bulacan tuwing panahon ng tag-ulan. (Kanan) Ang storm surge sa baybayin*




*Satellite image ng mga karatig lugar sa baybayin ng Manila Bay na apektado ng coastal flooding*

Sa panahon kung ang bagyo ay papasok sa Pilipinas, ang mga lugar sa baybayin ay pinag-iingat sa posibleng '**coastal flooding**' at '**storm surge**'.

Ang storm surge ay ang malalaking alon na umaabot ang taas hanggang 10 metro dahil sa bugso ng hangin dulot ng bagyo.

*Ang ating mga gawain ay nakakadagdag sa mga sanhi at paglala ng baha. Ang ating suliranin sa populasyon, urbanisasyon, basura at pagpapabaya sa kapaligiran ay ilan lamang sa kontribusyon ng tao sa pagbaha.*

## Alamin ang mga LUGAR na Delikado sa BAHA





'Flashflood exit point' o paanan ng sanga-sangang ilog at sapa mula sa bundok




'Alluvial plain' o likas na mababang lugar




Daanan ng ilog at sapa na umaapaw tuwing umuulan






'Coast', 'shore', pampang o baybay-dagat




'Riverbank' o tumana




'Floodplain' o gilid ng malaking ilog




'Swamp' o latian




'Delta', wawa at bunganga ng ilog

*Ang ilan sa mga larawan ay hinango sa resulta ng flooding image search sa Google at Yahoo*

Dahil sa bilis, lakas at walang katiyakang indikasyon kung kailan ito magaganap, isa sa pinakadelikadong uri ng baha ang '**FLASHFLOOD**'. Karaniwan ang flashflood sa lugar na may sanga-sangang sapa at ilog. Sa maikling oras ng malalakas at tuloy-tuloy na pag-ulan, bigla ang pagbuhos ng tubig na hindi nakakayanan saluhin ng mga natural nitong daluyan.



*Guhit na nagpapakita ng sanga-sangang ilog at sapa na potensyal sa flashflood*



*Ang isang komunidad sa Pinut-an, Panaon Island sa Leyte na dinaanan ng flashflood noong Dec. 2003 at ang mga sanga ng sa sapa sa kabundukan*

**ALAM MO BA?**

Ang baha ay hindi lamang dulot ng malakas na pag-ulan. Sa ating bansa, nangyari na ang mga pagbaha dahil sa tsunami, pagkasira ng dam, 'tidal change' at ang pagtagas ng tubig mula sa bunganga ng bulkan. Ang mga ito ay ilan lamang sa mga halimbawa ng pagbaha na hindi nakaayon sa taya ng panahon o lakas ng ulan.

Matagal na natin napapakinabangan ang mga '**structural at engineering measures**' sa pag-kontrol ng baha. Layunin nito na maibsan ang epekto ng baha sa ating komunidad ngunit may hangganan din ang kakayahan ng mga istrakturang ito at lubhang may kamahalan.



*Flood Control System sa Ormoc City*



*Dike sa kahabaan ng Manila Bay*

Sa mga komunidad na may banta ng pagbaha at flashflood, mahalaga na tayo ay palaging **handa.**

**H** Huwag manirahan sa mga lugar na delikado sa baha at flashflood


**A** Alamin parati ang taya ng panahon

**N** Nagkakaisang mamamayan sa pangangalaga ng kapaligiran

**D** *Disaster management system* ay paigtingin sa inyong lugar. Makibahagi at maging aktibo sa mga gawain ukol sa paghahanda.

**A** Alamin ang mga itinalagang evacuation site sa panahon ng emergency

Maaaring alamin sa **Mines and Geosciences Bureau** at mga **Regional Offices** nito ang ***flood susceptibility*** sa inyong lugar. Magtanong ukol sa **GEOHAZARD MAP** (ang mapa na magbibigay ng impormasyon sa lagay ng inyong lugar sa iba't-ibang uri ng geohazards tulad ng pagbaha at flashflood).




*Ang Flood Susceptibility Map sa Cabanatuan City, Nueva Ecija*

Sa iba pang impormasyon at mga katanungan, makipag-ugnayan lamang sa aming mga tanggapan

**Kung ang BAHA ay darating, Pinsala'y huwag nang palalimin!**

# BAHA

## Ilang Kaalaman at Paraan sa Paghahanda at Pag-iwas




Photo Source: http://www.boston.com/bigpicture/2009/09/typhoon_ketsana_ondoy.html (Reuters/Erik de Castro)

***Cainta, Rizal September 2009***


**Department of Environment and Natural Resources**
**MINES AND GEOSCIENCES BUREAU**
North Ave., Diliman, Quezon City
Tel: 928-8642; 920-9120
Fax: 920-1635
Email: central@mgb.gov.ph
Website: www.mgb.gov.ph


December 2009